

KASUNDUAN PARA SA ELECTRONIC NOTIFICATION [ELECTRONIC NA PABATID]

PANGALAN NG KASO	NUMERO NG KASO
PANGALAN NG TAUHAN NG COUNTY	NUMERO NG TAUHAN

T: *Ano ang mga electronic notification [electronic na pabatid]? S:* *Ang mga electronic notification, o mga e-notification, ay mga alerto sa email na nagbibigay-alam sa inyo na may sulat na kailangang tingnan sa inyong secure personal online account.*

- Sang-ayon ako na matanggap ang lahat ng mga sulat mula sa County Welfare Department (CWD) sa pamamagitan ng e-notification, maliban sa mga notisya tungkol sa mga pagdinig ng estado, na ipadadala sa pamamagitan ng koreo ng US.
- Sang-ayon ako na basahin ang lahat ng mga e-notification na ipadadala sa aking email account at tingnan ang mga dokumento sa pamamagitan na aking secure personal online account.
- Sang-ayon ako na tingnan nang regular ang aking email account (tuwing tatlong araw man lamang ang rekomendasyon namin) para makatiyak na mababasa ko sa tamang panahon ang mga sulat na may impormasyong kailangang-kailangan sa loob ng takdang panahon lamang.
- Sang-ayon ako na laging ipaalam sa CWD kung mag-iba ang aking email address sa pamamagitan ng pagsagot sa panibagong Kasunduan Para sa Electronic Notification sa loob ng sampung araw mula sa pag-iba.
- Nauunawaan ko na ang mga notisyang ipadadala sa aking personal secure online account ay ituturing na natanggap ko na sa oras na natanggap ng aking email ang e-notification, kahit na hindi ko basahin ang mga ito.
- Nauunawaan ko na kailangang bigyan ako ng CWD ng kopyang nakalimbag sa papel ng anumang dokumentong ipinadala sa aking secure personal online account, kapag humiling ako.
- Nauunawaan ko na ibalik ng CWD ang pagpapadala sa akin ng tradisyonal na sulat sa papel kapag ang mga e-notification na ipinadala sa aking email ay hindi makarating sa email address na ibinigay ko.
- Nauunawaan ko na maaari kong ihinto ang pagtanggap ng mga e-notification sa anumang oras at bumalik sa pagtanggap ng mga notisya at mga form sa pamamagitan ng koreo ng US. Para gawin ito, kailangan ko lamang na kontakin ang aking CWD sa _____ at sabihin sa kanila ang tungkol sa desisyon kong bumalik sa mga sulat sa papel.

ANG EMAIL ADDRESS NA NAIS KONG GAMITIN PARA SA MGA ELECTRONIC NOTIFICATION

KARAGDAGANG EMAIL ADDRESS NA NAIS KONG GAMITIN PARA SA MGA ELECTRONIC NOTIFICATION

PIRMA (O MARKA) NG MYEMBRO NG SAMBAHAYAN NA NASA WASTONG GULANG O AUTORISADONG KINATAWAN	PETSA NA PINIRMAHAN
PIRMA (O MARKA) NG ASAWA, NAKAREHISTRONG DOMESTIC PARTNER, O IBA PANG MAGULANG NG (MGA) BATANG CASH AIDED	PETSA NA PINIRMAHAN